# Ito ba ay oHCM?

## Pag-unawa sa Hypertrophic Cardiomyopathy (HCM) kumpara sa Obstructive Hypertrophic Cardiomyopathy (oHCM)

### Ano ang Hypertrophic Cardiomyopathy (HCM)?



Ang HCM ay isang kondisyon kung saan ang kalamnan ng puso ay nagiging mas makapal kaysa normal, na ginagawang mas mahirap para sa puso na maayos na mag-pump ng dugo. Ang pangangapal ay karaniwang nakakaapekto sa septum, ang pader sa pagitan ng kaliwa at kanang bahagi ng puso.

### Ano ang Obstructive Hypertrophic Cardiomyopathy (oHCM)?



Ang oHCM ay isang espesipikong uri ng HCM. Sa oHCM, ang kumapal na kalamnan ng puso ay binabarahan ang daloy ng dugo palabas mula sa puso. Ang pagbarang ito ay maaaring maging sanhi ng mas maraming sintomas at komplikasyon kumpara sa HCM na walang obstruksiyon.

## Paano Malaman ang Pagkakaiba:

### Diagnosis ng HCM:

- **Echocardiogram:** Isang ultrasound na nagpapakita ng kumapal na kalamnan sa puso.
- **MRI:** Nagbibigay ng detalyadong mga imahe ng istraktura ng puso.
- **Genetic Testing:** Maaaring makilala kung mayroon kang gene na nagsasanhi ng HCM.

### Diagnosis ng oHCM:

- **Echocardiogram na may Doppler:** Ipinapakita ang parehong kumapal na kalamnan ng puso at kung gaano kahusay dumadaloy ang dugo.
- **Exercise Stress Test:** Tumutulong na malaman kung gaano kalubha ang pagbara sa oras ng ehersisyo.
- **Cardiac Catheterization:** Sinusukat ang presyon sa loob ng puso upang masuri kung gaano karaming daloy ng dugo ang nababarahan.

## Mga Sintomas: HCM kumpara sa oHCM




### Paggagamot ng HCM:

1. **Pananakit ng Dibdib:** Madalas sa oras ng o pagkatapos ng pisikal na aktibidad.
2. **Pangangapos ng Hininga:** Kahirapan sa paghinga, lalo na kapag aktibo.
3. **Mga Palpitasyon:** Pakiramdam na ang iyong puso ay nangangarera o kumakabog.
4. **Sobrang Pagkapagod:** Pakiramdam ng sobrang pagod o pagkahapo.
5. **Pagkahilo o Pagkahimatay:** Maaaring mangyari kung ang utak ay hindi nakakatanggap ng sapat na dugo.

### Paggagamot ng oHCM:

1. **Lahat ng Mga Sintomas ng HCM:** Kabilang ang pananakit ng dibdib, paghahabol ng hininga, palpitasyon, sobrang pagkapagod, at pagkahilo o pagkahimatay.
2. **Mas Matinding Pangangapos ng Hininga:** Ang pagbara ay ginagawang mas mahirap para sa puso na mag-pump ng dugo.
3. **Madalas na Pananakit ng Dibdib:** Ang puso ay kailangang magtrabaho nang mas maigi upang mag-pump ng dugo para malampasan ang bara.
4. **Exertional Syncope:** Pagkahimatay sa oras ng o pagkatapos ng ehersisyo dahil ang puso ay hindi kayang mag-pump ng sapat na dugo.

# Mga Opsyon sa Paggagamot:



## Paggagamot ng HCM:

- **Mga Gamot:** Beta-blockers, calcium channel blockers, at iba pang mga gamot upang makatulong sa mga sintomas.
- **Mga Pagbabago sa Pamumuhay:** Kumain ng malusog na diyeta, regular na mag-ehersisyo (ngunit iwasan ang matinding ehersisyo), at huwag manigarilyo.





## Paggagamot ng oHCM:

**Mga Gamot:** Katulad ng sa HCM, ngunit may higit na pagtuon sa pagbabawas sa pagbara.

**Mga Procedure:**

- **Septal Myectomy:** Operasyon upang alisin ang bahagi ng kumapal na kalamnan ng puso.
- **Alcohol Septal Ablation:** Isang di-kirurhikong operasyon kung saan ang alkohol ay itinuturok upang paliitin ang nakabarang bahagi.
- **Mga Implantable na Aparato:** Mga Pacemaker o defibrillator para kontrolin ang mga problema sa ritmo ng puso.

# Pamumuhay nang May HCM at oHCM:

**Ang parehong mga kondisyon ay nangangailangan ng regular na pagbisita sa iyong doktor sa puso, paginom ng mga gamot gaya ng inireseta, at paggawa ng mga pagbabago sa pamumuhay. Dahil ang mga kondisyong ito ay maaaring maipasa sa mga ka-pamilya, mahalagang isaalang-alang ang genetic counseling at ipa-screen ang mga miyembro ng pamilya.**

## Suporta at Mga Mapagkukunan:





- **Mga Grupo ng Suporta:** Makipag-ugnayan sa ibang may HCM o oHCM para sa suporta.
- **Mga Edukasyonal na Mapagkukunan:** Manatiling may-alam tungkol sa mga paggagamot at pananaliksik.
- **Adbokasiya:** Makibahagi sa pagpapalaganap ng kamalayan at pagsuporta sa mga pagsisikap sa pananaliksik.

## Misyon

Ang HeartLife Foundation ay isang hinihimok-ng-pasyenteng kawanggawa na ang misyon ay baguhin ang kalidad ng buhay ng mga taong may cardiovascular na sakit, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan, pagtuturo, at pag-e-empower sa global na komunidad. Layunin naming lumikha ng mga pangmatagalang solusyon, humimok ng pagbabago, at bumuo ng mas malusog na pamumuhay para sa mga pasyente, tagapag-alaga, at pamilya sa buong mundo.

**Para sa karagdagang impormasyon sa oHCM at iba pang suporta mangyaring bisitahin kami sa heartlife.ca/academy/**

**heartlife.academy**

HeartLife™ FOUNDATION

SUPORTADO NG TD READY COMMITMENT

**www.heartlife.ca**

It's About Life, Not Failure™
Charitable Registration No. 76199 7493 RR0001.